# ANG KABUTIHAN NG QURAN (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Deskripsyon:** Tinatalakay ng 2 bahagi ng aralin na ito ang mga kahalagahan at pagpapala ng pagbigkas ng Quran at mga espesyal na bahagi ng sagradong teksto.

**Kategorya:** Mga Aral › Ang Banal na Quran › Paglapit o paghawak sa Quran

**Ni:** Imam Kamil Mufti (© 2015 NewMuslims.com)
**Nai-publish sa:** 09 Apr 2018
**Huling binago sa:** 11 Apr 2018

Mga Layunin

·Upang matutunan ang karagdagang mga gantimpala ng pagbigkas ng Quran.

·Upang malaman ang gantimpala ng mga partikular na *surah* (mga kabanata) ng Quran.

Mga Terminolohiyang Arabik

·*Surah* – kabanata ng Quran.



Bilang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagbigkas ng Quran, sinabi ng Propeta, "Ang halimbawa ng isang mananampalataya na bumibigkas ng Quran ay tulad ng isang prutas na sitrus na masarap at mabango; at ang taong hindi bumibigkas ng Quran ay tulad ng isang datiles na masarap ngunit walang amoy. Ang halimbawa ng isang masamang tao na bumibigkas ng Quran ay katulad ng basil na may mabangong amoy ngunit mapait; at ang isang masamang tao na hindi bumibigkas ng Quran ay tulad ng isang ubas na mapait at walang amoy."[1]

Ang Quran, ang mga salita ni Allah, ay may maraming mga kabutihan. Ang bawat *surah* ng Quran ay mahalaga ngunit ang ilan sa mga *surah* ay may espesyal na kahalagahan. Ang pinakamagandang surah na mabibigkas ng isang bagong Muslim ay yaong mga makakaipon ng pinakadakilang gantimpala para sa kanya at makakatulong na isaulo ang mga ito.

Sa araling ito, babanggitin natin ang mga kabutihan ng huling tatlong kabanata ng Quran na maiikli ngunit malakas:

**Magtayo ng isang bahay sa Paraiso sa pamamagitan ng Pagbigkas ng *Surah* al-Ikhlas:** Sinabi ng Propeta: "Sinuman ang bumibigkas ng *Qul huwa Allaahu ahad* [Surah al-Ikhlas] ng sampung ulit, si Allah ay magtatayo para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso."[2]

**Ang pagbigkas ng *Surah* al-Ikhlas ay Katumbas ng Isa sa Tatlong Bahagi ng Quran:** Narinig ng isang lalaki ang isa pang lalaki na bumibigkas ng *Qul huwa Allaahu ahad* [*Surah* al-Ikhlas] at inuulit ito. Nang sumunod na umaga ay dumating siya sa Sugo ni Allah, sumakanya nawa ang awa at pagpapala ni Allah, at sinabi sa kanya ang tungkol dito. Naisip ng lalaki na ito ay napakaliit, ngunit ang Sugo ni Allah ay nagsabi: "Sa pamamagitan ng Isa na nasa Kanyang Kamay ay ang aking kaluluwa, katumbas ito ng isa sa tatlong bahagi ng Quran."[3]

Ang isang lalaki ay nanatiling gising upang sambahin si Allah sa panahon ng Propeta bago ang pagbubukang liwayway at binigkas ang *Qul huwa Allaahu ahad* [*Surah* al-Ikhlas], ngunit hindi bumigkas ng iba pa. Nang umaga, ang lalaki ay dumating sa Propeta at sinabi sa kanya ang tungkol dito, nag-iisip na marahil ay hindi siya gumagawa ng sapat. Sinabi ng Sugo ng Allah: "Sa pamamagitan ng Isa na nasa Kanyang Kamay ay ang aking kaluluwa, katumbas ito ng isa sa tatlong bahagi ng Quran."[4]

**Inirerekomenda na bigkasin ang *Surah* al-Ikhlas bago matulog:** Si Aisha ay nag-ulat na kapag ang Propeta ay matutulog, ay gagawin nitong hugis tasa ang kanyang mga kamay, hihipan at bibigkasin niya dito ang *Qul huwa Allahu ahad* [*Surah* al-Ikhlas], *Qul a'oodhu bi Rabbil-falaq* [*Surah* al-Falaq] at *Qul a'oodhu bi Rabbin-naas* [*Surah* an-Naas] ( ito ay ang huling 3 kabanata ng Quran). At pagkatapos ay ihahaplos niya ang kanyang kamay sa buong katawan niya hanggang sa naaabot ng kanyang mga kamay, na nagsisimula sa kanyang ulo at mukha, at sa harap ng kanyang katawan. Tatlong beses niyang gagawin ito.[5]

**Ang pag-ibig para sa *Surah* al-Ikhlas:** Inulat rin ni Aisha na ang Propeta ay nagpadala ng isang lalaki na mamamahala ng isang maliit na kampanyang militar, at nang binigkas niya ang Quran habang pinamumunuan ang kanyang mga kasama sa pagdarasal, ay palagi niyang tinatapos ito ng *Qul huwa Allaahu ahad* [*Surah* al-Ikhlas]. Nang sila ay bumalik, (ang kanyang mga kasamahan) ay binanggit ito sa Propeta, na nagsabi sa kanila na tanungin siya kung bakit niya ginawa iyon. Kaya tinanong nila siya, at sinabi niya, "Sapagkat ito ay isang paglalarawan ng Pinakamaawain, at gustung-gusto ko itong bigkasin." Sinabi ng Propeta: "Sabihin sa kanya na mahal siya ni Allah."[6]

**Pagbigkas ng *Surah* al-Ikhlas tuwing gabi:** Si Uqbah ibn 'Aamir ay nagsabi "Nakilala ko ang Sugo ni Allah at sinabi niya sa akin:' O Uqbah ibn 'Aamir, hindi ba ako magtuturo sa iyo ng ilang mga *surah* na katulad ng hindi ipinahayag sa Torah o sa Mga Awit (Psalm) o sa Ebanghelyo o sa Quran? Walang gabing darating maliban sa bigkasin mo ito (ibig sabihin, bawat gabi ay dapat mong bigkasin ang) *Qul huwa Allaahu ahad* [*Surah* al-Ikhlas], *Qul a'oodhu bi Rabbil-falaq* [*Surah* al-Falaq] at *Qul a'oodhu bi Rabbin -naas* [ *Surah* an-Naas]. "" Sinabi ni Uqbah:" Kaya tuwing gabi ay bibigkasin ko ang mga ito. Ito ay naging tungkulin ko na bigkasin ang mga ito, sapagkat ang Sugo ni Allah (ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay sumakanya) ay nag-utos sa akin na gawin ito ..." [7]

**Ang Paraiso ay Kaniyang Karapatan:**Narinig ng Propeta ang isang lalaki na bibibigkas ang *Qul huwa Allaahu ahad*, at nagsabi, "Iyan ang kanyang karapatan." Tinanong nila, "O Sugo ni Allah, ano ang kanyang karapatan?" Sabi niya, "Paraiso ang kanyang karapatan."[8]

Mayroong napakaraming dakilang kabutihan ang nabanggit sa mga aralin para sa pangkalahatang pagbigkas ng Quran sa wikang Arabe at ang pagbigkas ng ilan sa mas mahabang mga *surah*. Mayroon ding mga dakilang kabutihan ng pagbigkas sa mas maiksi na mga *surah* ng Quran na madaling maisaulo, tulad ng *Surah* al-Fatihah at *Surah* al-Ikhlas.

Hanggang hindi mo mabasa ang Quran nang mabuti, kung pakikinggan mo ito na binibigkas ng ibang tao at humiling ka ng gantimpala na nabanggit para dito, kung gayon ay may pag-asa na magkakaroon ka ng kaparehong gantimpala gaya ng bumibigkas nito, dahil sa iyong mabuting intensyon at gawin ang kung ano ang iyong makakaya.

---

Talibaba:

[1] *Saheeh Al-Bukhari*

[2] *Saheeh al-Jami' al-Sagheer*

[3] *Saheeh Al-Bukhari*

[4] *Saheeh Al-Bukhari*

[5] *Saheeh Al-Bukhari*

[6] *Saheeh Al-Bukhari*

[7] *Musnad Ahmad*

[8] *Musnad Ahmad*

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.newmuslims.com/tl/articles/306/ang-kabutihan-ng-quran-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2011 - 2023   NewMuslims.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.